College of Humanities and Sciences
Lourdes E. Campos, MD Building
City of Dasmariñas, Cavite, Philippines
Trunk Lines: (63) (46) 481-8000 (63) (2) 988-3100
DLSHSI URL: www.dlshsi.edu.ph
CHS URL: https://sites.google.com/site/dlshsichs/

Local: 5007 (Dean's Secretary) | 1412 (Dean)
1345 (Dept. of Integrated Humanities and Sciences)
1408 (Dept. of Chemistry)
1115 (Chemistry Lab) | 1405 (Biology & Physics Lab)

# SILABUS NG KURSO

| | | |
|---|---|---|
| **KAGAWARAN** | **:** | **Pinagsanib na mga Sining Pantao at Agham** |
| **KOWD NG KURSO/ PAMAGAT** | **:** | **GE-FILI 102/Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik** |
| **BILANG NG YUNIT** | **:** | **3** |
| **PREREKWISIT** | **:** | **GE-FILI 101** |
| **ARAW AT ORAS NG KLASE** | **:** | ______________________________ |
| **LUGAR** | **:** | ______________________________ |
| **INSTRUKTOR/ PROPESOR** | **:** | ______________________________ |
| **ORAS NG KONSULTASYON** | **:** | ______________________________ |

## DESKRIPYON NG KURSO:

Ang kursong ito ay higit na pagpapalawak ng kaalaman at lalo pang pagpapataas ng antas ng kasanayan sa kritikal na pagbasa at lohikal na pagsulat tungo sa pagsasagawa ng pananaliksik.

## KAALAMANG MATATAMO :

KM 1 : Mataas na antas ng pag-unawa ( tekstwal , biswal atbp.)
KM 2 : Mahusay at mabisang komunikasyon ( pasulat , pasalita , at paggamit ng teknolohiya )
KM 3 : Kamalayan sa batayang konsepto sa iba't ibang domeyn ng karunungan
KM 4 : Kritikal , mapanuri at malikhaing pag-iisip
KM 5 : Pagpapahalaga sa kalagayan ng kapwa
KM 6 : Tiyak sa kanyang pananaw at pagka-Pilipino
KM 7 : Kamalayan at paggalang sa karapatang pantao
KM 8 : Personal at makabuluhang nakikibahagi sa pag-unlad ng bansa
KM 9 : Epektibong pakikilahok sa pangkat

KM 10 : Paglutas sa suliranin ( kinasasangkutan ng reyalistikong suliranin)
KM 11 : Batayang kasanayan at kaalaman sa pagtatrabaho
KM 12 : Paggamit ng iba't ibang paraan ng pagsusuri ( kwantitatibo, kwalitatibo , masining at maagham, tekstwal at biswal , eksperimaental , pagmamasid, atbp. ) sa pagharap sa suliranin

**BALANGKAS NG PAGKATUTO :**

| **Paksa** | **Inaasahang Layunin ng Pagkatuto** | **Istratehiya ng Pagtuturo/Pagkatuto** | **Pamamaraan ng Pagtataya** |
|---|---|---|---|
| Oryentasyon | Nauunawaan ang kabuuang nilalaman ng silabus, paksang tatalakayin at ang mga patakaran at tuntunin sa loob ng klasrum. | Interaktibong Talakayan sa mga Inaasahan ng Guro at Mag-aaral | Paglalahad ng mga Inaasahan ng mga Mag-aaral sa Kurso |
| 1. Pagbasa<br>a. Kahulugan at Kahalagahan<br>b. Pamamaraan at Estilo<br>c. Teorya ng Pagbasa | Naipapaliwanag ang mga batayang kaalaman sa pagbasa bilang mahalagang pangangailangan sa pananaliksik.<br><br>Nasusuri ang iba't ibang teksto batay sa nilalaman at pamamaraan. | Malayang Talakayan<br><br>*Powerpoint Presentation*<br><br>Indibidwal/Pangkatang Gawain – Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto | Pag-uulat<br><br>Pagsusulit |
| 2. Pagsulat<br>a. Kahulugan at Kahalagahan<br>b. Layunin ng Pagsulat<br>c. Hakbang ng Pagsulat | Nagpapamalas nang lubos na pagpapahalaga sa pagsusulat bilang mahalagang kasanayan sa pananaliksik.<br><br>Nailalahad ang mga hakbang na dapat isaalang-alang sa pagsulat.<br><br>Nakabubuo ng iba't ibang sulatin sa mabisang paraan. | Malayang Talakayan<br><br>*Powerpoint Presentation*<br>Tuwirang Pagsulat<br><br>*Brainstorming* | Pagsusulit<br><br>Pasulat na Awtput<br><br>Pakikilahok sa Talakayan |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 3. Kalikasan ng Pananaliksik<br>a. Kahulugan at Kahalagahan<br>b. Katangian<br>c. Tungkulin at Responsibilidad ng Mananaliksik | Naipapaliwanag ang mahahalagang kaalaman ukol sa pananaliksik.<br><br>Nasusuri ang mga tungkulin at responsibilidad na dapat angkinin ng isang mananaliksik. | Malayang Talakayan<br><br>Palitang Kuro / Kolaboratibong Pagsusuri<br><br>*Powerpoint Presentation* | Pesentasyon ng Awtput<br><br>* May tiyak na rubrik na gagamitin sa pagtataya ng bawat awtput |
| 4. Pagbuo / Eksplorasyon ng Paksa<br>a. Konsiderasyon sa Pagpili ng Paksa<br>b. Tiyak na Paglalahad ng Suliranin | Naisasaalang-alang ang mga konsiderasyon sa paglalahad ng mga tiyak na suliranin. | Talakayang Pangklase<br><br>Pagsusuri sa mga Halimbawa ng Paksa ng Pananaliksik<br><br>Pangkatang Diskusyon at Pag-uulat<br><br>Pangkatang Pagbuo ng Paksa | Presentasyon ng Awtput |
| 5. Pagbuo ng Konseptong Papel<br>a. Rasyunal<br>b. Layunin<br>c. Metodo<br>d. Awtput | Naibabahagi ang kani-kanilang ideya sa pangkat na kinabibilangan ukol sa pagbuo ng konseptong papel.<br><br>Naisasaalang-alang ang mga impormasyong nakapaloob sa pagbuo ng konseptong papel. | Talakayang Pangklase<br><br>Pangkatang Diskusyon at Pagsusulat<br><br>Pananaliksik | Pasulat na Awtput<br><br>* May tiyak na rubrik na gagamitin sa pagtataya ng bawat awtput |
| **UNANG KOMPREHENSIBONG PAGTATAYA**<br>**( Konseptong Papel )** | | | |

| Paksa | Inaasahang Layunin ng Pagkatuto | Istratehiya ng Pagtuturo/Pagkatuto | Pamamaraan ng Pagtataya |
|---|---|---|---|
| 1. Pag-aayos ng mga Datos/ APA Pormat<br>a. Direktang Sipi<br>b. Sinopsis | Naisasaayos ang mahahalagang datos na nakalap batay sa pananaliksik na isinagawa.<br><br>Nakabubuo ng pansamantalang talasanggunian na sumusunod sa alintuntunin ng APA Pormat. | Talakayang Pangklase<br><br>Pananaliksik<br><br>Pagbuo ng Direktang Sipi at Sinopsis<br><br>Pangkatang Pananaliksik/Pagbuo ng Talasanggunian | Pasulat na Awtput |
| 2. Pagsasalin sa Filipino<br>a. Kahulugan at Kahalagahan<br>b. Pamamaraan/Estilo | Naisasalin ang ilang mga teknikal na salita/teksto sa Filipino mula sa wikang Ingles. | Lektyur<br><br>Pagsasanay sa Pagsasalin ng mga Salita/Tekstong Ingles sa Filipino | Awtput ng Isinaling Teksto |
| 3. Pagbuo ng Introduksyon at Iba pang Sanligan ng Pag-aaral | Nailalahad nang maayos ang mga impormasyong nakapaloob sa Suliranin at Sanligan ng Pag-aaral. | Lektyur<br><br>Pananaliksik<br><br>Pangkatang Pagbuo ng Kabanata 1 | Pasulat na Awtput – Burador ng Bawat Bahagi ng Unang Kabanata<br><br>* May tiyak na rubrik na gagamitin sa pagtataya ng bawat awtput |
| **IKALAWANG KOMPREHENSIBONG PAGTATAYA**<br>**( Kabanata 1: Suliranin at Sanligan ng Pag-aaral )** | | | |

| Paksa | Inaasahang Layunin ng Pagkatuto | Istratehiya ng Pagtuturo/Pagkatuto | Pamamaraan ng Pagtataya |
|---|---|---|---|
| 1. Kaugnay na Literatura at Pag-aaral | Nakapagsasaliksik sa mga aklat, dyornal at iba pang babasahin ukol sa suliranin ng pag-aaral.<br><br>Nakasusulat ng mabisang kaugnay na literatura at pag-aaral batay sa mga impormasyong nakalap sa pananaliksik. | Talakayang Pangklase<br><br>Pananaliksik sa Aklatan<br><br>Pangkatang Gawain | Pasulat na Awtput |
| 2. Metodolohiya<br><br>a. Uri ng Pananaliksik<br>a.1 Palarawan<br>a.2 Eksperimental<br>a.3 Historikal<br>b. Populasyon<br>c. Instrumento<br>c.1 Pagbuo ng Talatanungan | Naipaliliwanag ang pamamaraang gagamitin sa pananaliksik.<br><br>Nakabubuo ng liham at talatanungang gagamitin sa pananaliksik. | Talakayang Pangklase<br><br>*Multimedia Presentation*<br><br>Pangkatang Gawain<br><br>Pagbuo ng Talatanungan | Pasulat na Awtput : Burador ng Kabanata 3 at Talatanungan<br><br>* May tiyak na rubrik na gagamitin sa pagtataya ng bawat awtput |
| **IKATLONG KOMPREHENSIBONG PAGTATAYA**<br>**( Pasulat at Pasalitang Presentasyon ng Pananaliksik )** | | | |

**PINAL NA AWTPUT :**

Sa pagtatapos ng kurso, inaasahan na makabubuo ng isang sulating pananaliksik na may kaugnayan sa mga isyung panlipunan at pangkalusugan.

| KAALAMANG MATATAMO | INAASAHANG AWTPUT | PETSA NG PAGSASAKATUPARAN |
|---|---|---|
| KM 1-12 | Pagbuo ng isang sulating pananaliksik ( Kabanata 1 – 3 ) | Marso 2016 |

**RUBRIK SA PAGTATAYA:**

| Kategorya | Nakamit ang Inaasahan (4) | Bahagyang Nakamit ang Inaasahan (3) | Hindi Nakamit ang Inaasahan (2) | Walang Napatunayan (1) | Iskor |
|---|---|---|---|---|---|
| **Katapatan** | Lubos na nagpapakita ng respeto sa pag-aaring intelektwal sa pamamagitan ng pagkilala sa lahat ng mga sangguniang ginagamit, maingat na pinili ang mga ginagamit na saligan. | Bahagyang nagpapakita ng respeto sa pag-aaring intelektwal sa pamamagitan ng pagkilala sa lahat ng mga sangguniang ginagamit, maingat na pinili ang mga ginagamit na saligan. | Hindi gaanong nagpapakita ng respeto sa pag-aaring intelektwal sa pamamagitan ng pagkilala sa lahat ng mga sangguniang ginagamit, maingat na pinili ang mga ginagamit na saligan. | Hindi nagpapakita ng respeto sa pag-aaring intelektwal sa pamamagitan ng pagkilala sa lahat ng mga sangguniang ginagamit, maingat na pinili ang mga ginagamit na saligan. | |
| **Pagiging obhektibo** | May pagkilala at patas na pagtingin ang mga mananaliksik sa mga datos na naitatala. | May pagkilala ang mga mananaliksik sa mga datos na naitatala. | Bahagyang kinakikitaan ng pagkiling ang mga mananaliksik hinggil sa mga datos na naitatala. | Kinakikitaan ng pagkiling ang mga mananaliksik hinggil sa mga datos na naitatala. | |
| **Pagpapahalaga** | Nagpapamalas ng lubos na pag-unawa at pagpapahalaga sa iba sa pamamagitan ng pagkilala sa kontribusyon ng ibang mananaliksik at kapangkat sa pagbuo at pagpapaunlad ng ideya, may mahusay na | Nagpapamalas ng pag-unawa at pagpapahalaga sa iba sa pamamagitan ng pagkilala sa kontribusyon ng ibang mananaliksik at kapangkat sa pagbuo at pagpapaunlad ng ideya. | Hindi gaanong nagpapamalas ng pag-unawa at pagpapahalaga sa iba sa pamamagitan ng pagkilala sa kontribusyon ng ibang mananaliksik at kapangkat sa pagbuo at pagpapaunlad ng ideya. | Hindi nagpapamalas ng pag-unawa at pagpapahalaga sa iba sa pamamagitan ng pagkilala sa kontribusyon ng ibang mananaliksik at kapangkat sa pagbuo at pagpapaunlad ng ideya. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | pag-aaral sa mga kaugnay na literatura. | | | | |
| **Kamalayang Panlipunan** | Nagbibigay ng mga posibleng solusyon sa mga suliraning panlipunan tulad ng kahirapan, problema sa edukasyon at mga isyung pangkalusugan. | May malinaw na intensyong magbahagi ng solusyon sa mga suliraning panlipunan tulad ng kahirapan, problema sa edukasyon at mga isyung pangkalusugan. | May intensyong magbahagi ng solusyon sa mga suliraning panlipunan tulad ng kahirapan, problema sa edukasyon at mga isyung pangkalusugan. | Walang anumang intensyong magbahagi ng solusyon sa mga suliraning panlipunan tulad ng kahirapan, problema sa edukasyon at mga isyung pangkalusugan. | |
| **Pagsusulong sa Adbokasiya** | Napakahusay at napakalinaw ng paglalahad ng adbokasiyang isinusulong na kapaki-pakinabang sa lipunan at sambayanan. | Mahusay at malinaw ang paglalahad ng adbokasiyang isinusulong na kapaki-pakinabang sa lipunan at sambayanan. | Hindi gaanong kinakikitaan ng kapakinabangan sa lipunan at sambayanan. | Hindi kinakikitaan ng kapakinabangan sa lipunan at sambayanan. | |
| **Propesyonalismo ng Presentasyon** | Organisado at malinaw ang presentasyon at napananatili ang mataas na interes ng mambabasa/ tagapakinig. | Malinaw ang inilalahad na mga ideya bagaman hindi ito naging kapana-panabik. | Hindi gaanong naging malinaw ang mga ideya bagaman hindi ito naging kapana-panabik. | Hindi organisado at naging malinaw ang presentasyon. | |

**PAGTATAYA AT IBA PANG KAHINGIAN :**

Maliban sa pinal na awtput , ang mga mag-aaral ay tatayain sa pamamagitan ng ;

1. Talakayang Pangklase
2. Gawaing Pangklasrum
3. Reaksyon at Pagsusuri
4. Pananaliksik
5. Kolaboratibo/Pangkatang Presentasyon
6. Pagsulat at Pagbabahagi ng iba’t ibang Sulatin

7. Panonood at Pagsusuri ng isang Dulang Pantanghalan
8. Isang Araw ng Pananaliksik/Alternatibong Klase sa Bawat Term

**ANTAS NG PAGTATAYA :**

Ang mga mag-aaral ay tatayain sa pamamagitan ng sumusunod:

| **Kraytirya** | **Prelim (PG)** | **Midterm (MG)** | **Final ( FG )** |
|---|---|---|---|
| Proyekto/ Itinakdang Gawain | 25% | 25% | 20% |
| Maikli at Mahabang Pagsusulit | 20% | 20% | |
| Asal at Partisipasyon | 25% | 25% | 20% |
| Eksam | 30%<br>Konseptong Papel | 30%<br>Kabanata 1: Suliranin at Sanligan ng Pag-aaral | Pasulat – 30%<br>Pasalita – 30% |

**SANGGUNIAN :**


Arrogante, Jose et.al. (2007). *Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik*. Manila:National Book Store.

Badayos, Paquito B. et. al. (2010). Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik:Batayan at Sanayang Aklat sa Filipino 2.Malabon City: Mutya Publishing House.

Castro, Florian (2008). *Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik*. Manila:Grandbooks Publishing.

Espina, Leticia (2009). *Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik*. Manila : Mindshapers.

Garcia, Lakandupil C. et. al. (2008). *Kalatas: Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik (Binagong Edisyon).*Cabanatuan City: Jimcy Publishing House

Nuncio, Rhoderick (2004). *Sangandiwa: Araling Filipino bilang Talastasang Pangkalinangan at Lapit- Pananaliksik*. Manila:UST Publishing House.

Plata, Sterling (2010).*Keys to Crirical Reading and Writing*.Laguna: Trailblazer Publications.

Ramos, Lurida (2010). *Developing Skills in Writing and Research*. Manila: Mindshapers.

**PATAKARANG PANGKLASE:**

A. Maaari lamang mapahintulutan ang mga mag-aaral na magkaroon ng 20% ng kabuuang bilang ng araw ng pasok sa paaralan o 14 na oras kasama ang pagliban at pagkahuli sa klase. Ang iba pang pagliban sa klase matapos ito ay mangangahulugan na ng labis na pagliban ( *excessive absences* ) na may katumbas na markang 0.00. Ang patakaran hinggil sa *attendance* na matatagpuan sa *Student's Handbook* ay ipatutupad.

B. Sakaling may mga hindi maipapasang kahingian ang mga mag-aaral , isasaalang-alang ang sumusunod:

a. Bibigyan ng iskor na zero (0) na may katumbas na gradong *zero percent* (0%) sa kahingiang hindi naipasa sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon:

a.1. Binigyan sila ng pagkakataon na i-*make-up* ang nasabing kahingian
b.2. Binigyan sila ng sapat na panahon para gawin ang *make-up requirement.*

b. Bibigyan ng iskor na zero (0) na may katumbas na gradong *zero percent* (0%) sa pagsusulit na ibinigay sa panahong liban sila sa klase sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon:
b.1. Hindi *excused* ang kanilang pagliban
b.2. Binigyan sila ng pagkakataong i-*make- up* ang pagsusulit ngunit hindi sila nakarating sa itinakdang oras
b.3. Binigyan sila ng sapat na panahon para paghandaan ang *make-up quiz.*

c. Kung sakaling maipasa ng mga mag-aaral ang itinakdang gawain upang mai-*make-up* ang nawalang grado, magkakaroon ng ilang porsiyentong kabawasan sa orihinal na gradong kanilang nakuha. Itatakda ng guro ang nasabing kabawasan.
d. Nararapat ipasa ang mga takdang-aralin bago magsimula ang klase. Wala ng takdang-aralin ang tatanggapin pagkatapos nito.
e. Nakaiskedyul ang pagkuha ng *special major exam* isang linggo matapos ang administrasyon ng mga pangunahing pagsusulit. Pagkatapos nito , hindi na magbibigay ng espesyal na pagsusulit MALIBAN SA MGA NATATANGING SITWASYON. Bukod dito, hindi na bibigyan ng espesyal na praktikal na pagsusulit ang sinomang hindi nakakuha nito sa itinakdang petsa.

C. Inaasahang aktibong makikibahagi sa anomang pangkatang pagsasanay at/o gawaing pangklase ang mga mag-aaral.

D. Ang *cellphone/mobile phone* at iba pang katulad nito ay dapat ilagay sa *silent mode* sa oras ng klase; ipinagbabawal ang paggamit ng mga *cellular phone* maliban kung may ibinigay na espesyal na pahintulot. Maaaring gamitin ang mga *tablet* at *laptop* sa pagkuha ng tala ngunit hindi sa pagba-*browse* ng *online resources* sa oras ng talakayan. Ang paglabag dito ay maaaring maging sanhi ng pagkumpiska sa mga kagamitang ito sa buong oras ng klase maliban kung binigyan ng pahintulot ng propesor.

E. Anomang anyo ng pandaraya at pangongopya *(plagiarism)* ay magiging karapat-dapat sa pinal na markang 0.00. Upang maiwasan ang pangongopya sa oras ng mga pagsusulit, ang mga panyo , *jacket*, mga *gadge*t gaya ng *cellphone* ,*tablet* at *calculator* at iba ay nararapat na ilagay sa loob ng mga bag (kaukulang karapatan ng propesor). Bukod pa rito ang mga bag ay nararapat na ilagay sa harap ng mesa ng guro.

   a. Ang *plagiarism* ay anyo ng pandaraya na mahigpit na bibigyang-pansin nang naaayon sa mga probisyong itinakda sa *Student's Handbook.*

F. Anomang konsern ( pagtuturo,marka,pakikipag-ugnayang may kinalaman sa klase ) ay nararapat na ipagbigay-alam sa *subject-teacher* para sa kaukulang aksyon. Maaaring humingi ng tulong at gabay ang mga mag-aaral sa kanilang academic/*registration adviser* upang masolusyunan ang usapin katuwang ang *subject-teacher*.

**Lahat ng mga patakaran (atendans, pagkahuli sa klase, kagandahang-asal, atbp.) ay alinsunod sa probisyon ng bagong bersyon ng *Student's Handbook.***

**SINANG-AYUNAN:**

**MAE ANN T. BOBADILLA, MAT**
*Koordineytor, Yunit ng Malalayang Sining*

**IMUNGKAHING PAGTIBAYIN:**

**ILUMINADA A. RONIO, MSc**
*Tagapangulo ng Kagawaran*

**PINAGTIBAY:**

**MARGEL C. BONIFACIO, RCh, PhD**
*Dekano*